

Paliwanag sa mga Lingguhang Claim

Ang sinasabi nito	Ang ibig sabihin nito
Gusto mo bang makatanggap ng mga benepisyo ng Bayad na Leave para sa linggong ito?	Maaari kang kumuha ng Bayad na Leave kung kailan mo kailangan: buong linggo, bahagi ng linggo, o maaari kang lumaktaw ng ilang linggo. - Piliin ang Oo para i-claim ang benepisyo para sa linggong ito O kung ito ang iyong unang lingguhang claim at ang iyong leave ay nangangailangan ng isang linggong paghihintay. - Piliin ang Hindi kung ayaw mong i-claim ang mga benepisyo. Hindi ka makatatanggap ng bayad para sa linggong ito.
Nakatanggap ka ba o makakatanggap ka ba ng mga benepisyo sa Kawalan ng trabaho?	Ang mga benepisyo sa Kawalan ng trabaho ay para sa mga walang trabaho o bahagyang may trabaho. Iba ang programang ito sa Bayad na Leave. Piliin ang Oo kung nakatanggap ka na o makakatanggap ng mga benepisyo sa Kawalan ng trabaho para sa linggong ito. - Ipinagbabawal ng batas ang pagtanggap ng benepisyo mula sa Kawalan ng trabaho at Bayad na Leave sa parehong linggo. - Responsibilidad mo na pumili kung aling programa ang gagamitin mo.
Nakakuha ka na ba o makakatanggap ng Kompensasyon ng mga Manggagawa para sa pinsala sa trabaho?	Ang Kompensasyon ng mga Manggagawa ay para sa mga pinsalang natamo sa trabaho na nagiging dahilan para hindi ka makapagtrabaho. Binabayaran ito ng Labor & Industries (L&I) o ng pribadong insurer ng iyong employer. Piliin ang Oo kung nakatanggap ka na o makakatanggap ng Kompensasyon ng mga Manggagawa para sa linggong ito. - Ipinagbabawal ng batas ang pagtanggap ng benepisyo mula sa Kompensasyon ng mga Manggagawa at Bayad na Leave sa parehong linggo. - Responsibilidad mo na pumili kung aling programa ang gagamitin mo. Iba ang Pansamantalang kapansanan kumpara sa Kompensasyon ng mga Manggagawa. Tingnan ang iyong plano sa pansamantalang kapansanan para malaman kung paano makakaapekto ang Bayad na Leave sa mga benepisyong iyon.

Paliwanag sa mga Lingguhang Claim

Nagtrabaho ka ba ng ilang oras ngayong linggo?	Piliin ang Oo kung nagtrabaho ka para sa alinmang employer ngayong linggo, kabilang ang sariling-hanapbuhay, kahit hindi ito ang employer na pinagmumulan ng iyong leave.
Ilang oras kang nagtrabaho?	Ilagay ang kabuuang bilang ng oras na nagtrabaho ka ngayong linggo para sa lahat ng employer, kabilang ang sariling hanapbuhay, kahit hindi ito ang employer na pinagmumulan ng iyong leave. • I-round up ang iyong oras sa pinakamalapit na buong numero. • Isama lang ang oras na nagtrabaho ka sa loob ng mga petsa kung kailan aprubado ang iyong leave.
Nakaliban ka ba ng hindi bababa sa 8 oras ng trabaho nang tuloy-tuloy?	Piliin ang Oo kung nakaliban ka ng hindi bababa sa 8 oras ng trabaho nang tuloy-tuloy ngayong linggo, halimbawa: • Isang buong 8-oras na shift, o • Ang huling 4 na oras ng isang shift at ang unang 4 na oras ng kasunod na shift, o Dalawang magkasunod na 4-oras na shift.
Gumamit ka ba ng anumang bayad na oras ng pahinga tulad ng bayad na bakasyon, bayad sa pagkakasakit, o bayad sa holiday?	• Piliin ang Oo kung gumamit ka ng bayad na bakasyon, bayad sa pagkakasakit, bayad sa holiday, o iba pang bayad na oras ng pahinga na hindi itinuturing na karagdagang benepisyo. • Piliin ang Hindi kung hindi ka gumamit ng anumang bayad na oras na pahinga, o kung ang iyong bayad na oras na pahinga ay itinuturing na karagdagang benepisyo. May ilang employer na nagpapahintulot sa mga manggagawa na gumamit ng bayad na oras na pahinga bilang karagdagang benepisyo, bukod pa sa benepisyong Bayad na Leave. Magtanong sa iyong employer para malaman kung ang bayad na oras na pahinga mo ay karagdagang benepisyo.
Ilang oras ng bayad na bakasyon, bayad sa pagkakasakit o bayad sa holiday ang iyong ginamit?	Ilagay ang kabuuang bilang ng oras ng bayad na bakasyon, bayad sa pagkakasakit, bayad sa holiday, o iba pang bayad na oras ng pahinga na ginamit mo ngayong linggo. • I-round up ang iyong oras sa pinakamalapit na buong numero. • Isama lang ang oras na nagamit sa loob ng mga petsa kung kailan aprubado ang iyong leave. • Huwag isama ang mga oras na itinuturing ng iyong employer bilang karagdagang benepisyo.

Paliwanag sa mga Lingguhang Claim

Mga FAQ

Ano ang lingguhang claim?

Ang lingguhang claim ay kung paano ka babayaran kapag nagsimula na ang iyong leave. Habang nasa leave, maghahain ka ng lingguhang claim bawat linggo. Kung kukuha ka ng leave nang hindi tuloy-tuloy at ayaw mong tumanggap ng benepisyo mula sa Bayad na Leave para sa isang linggo, kailangan mo pa ring maghain ng lingguhang claim.

Kung nag-apply ka gamit ang papel na aplikasyon, isusumite mo ang lingguhang mga claim sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Care Team sa 833-717-2273. Kung nag-apply ka online, ihain ang iyong lingguhang claim sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong Paid Leave account.

Kailan ako magsusumite ng lingguhang claim?

Kailangan mong maghain ng lingguhang claim bawat linggo, kahit hindi ka naka-leave sa linggong iyon. Sa Bayad na Leave, ang isang linggo ay nagsisimula sa Linggo at nagtatapos sa susunod na Sabado, at hindi ka puwedeng maghain ng lingguhang claim hangga't hindi pa natatapos ang linggo. Ibig sabihin, maaari kang maghain ng lingguhang claim tuwing Linggo para sa nakaraang linggo.

Simulan ang paghahain ng lingguhang claim sa sandaling maaprubahan ang iyong aplikasyon.

Ano ang linggo ng paghihintay?

Kung kumuha ka ng medical leave para asikasuhin ang iyong sarili o family leave para mag-alaga ng kapamilya, ang unang linggo ng iyong naaprubahang bakasyon sa trabaho ang iyong linggo ng paghihintay. Hindi ka babayaran para dito, pero kailangan mo pa ring magsumite ng lingguhang claim.

Wala kang linggong paghihintay kung ang leave mo ay para makabawi mula sa panganganak, makipag-bonding sa bagong anak, o para sa mga kaganapang militar.

Kung nagtatrabaho ako o gumagamit ng iba pang uri ng bakasyon sa trabaho sa panahon ng aking May Bayad na Bakasyon, maapektuhan ba nito ang ibabayad sa akin?

Kung nagtatrabaho ka o nakatanggap ng ibang benepisyo, gaya ng bayad na oras ng pahinga mula sa employer, babawasan ang Bayad na Leave mo para masaklaw lang nito ang bahagi ng linggo na ikaw ay nasa Bayad na Leave.

Pagtatrabaho habang naka-leave: Kailangang iulat ang mga oras ng iyong trabaho sa lingguhang claim questionnaire. Kasama rito ang oras ng trabaho sa pangalawang trabaho, kahit hindi ka naka-leave mula sa trabahong iyon. Kasama rin ang oras sa sariling-hanapbuhay, kahit hindi ka kumita.

Paggamit ng bayad na oras ng pahinga: Kailangang iulat ng karamihan sa mga tao ang anumang bayad na oras ng pahinga mula sa employer na ginamit sa loob ng linggo, gaya ng bayad na bakasyon, bayad sa pagkakasakit, o bayad sa holiday. Ang tanging pagkakataon na hindi mo kailangang iulat ang bayad na oras na pahinga ay kung ang iyong employer ay nag-aalok ng

Paliwanag sa mga Lingguhang Claim

karagdagang bayad na oras ng pahinga (na naiiba sa karaniwang bayad na oras ng pahinga).
Tanungin ang iyong employer kung available sa iyo ang opsyong ito.